

Pagkatuto Ng Mga Mag-Aaral Na Kankanaey Ng Wikang Filipino Bilang Pangalawang Wika

DOMINGA S. TOMAS, JOSHUA PAYANGDO, & EMMALYN SAGAYO

Benguet State University
d.tomas@bsu.edu.ph

Abstrak — Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa mga pananaw ng mag-aaral na Kankanaey sa wikang Filipino bilang wikang panturo. Nakapokus din ito sa pagtukoy ng mga salik na nakaapekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral na Kankanaey ng wikang Filipino bilang pangalawang wika at ang epekto ng mga salik na ito sa kanilang pagkatuto Isinagawa ang pag-aaral na ito sa Banao National High School at ang mga kalahok ay nasa ika-sampung baitang.

GINAMIT ang pamaraang kuwalitatibo at disenyong ang basic qualitative. Nakalap ang mga datos mula sa mga partisipant sa pamamagitan ng talatanungan Batay sa mga tugon ng mga kalahok, malaki ang ginagampanan ng wikang Filipino sa kanilang buhay bilang mag-aaral dahil mas madali nilang maintindihan ang kanilang paksa kapag ipinapaliwanag ang kanilang guro ang mga ito gamit ang wikang Filipino. Angkop na gamitin bilang wikang panturo at instrumento sa pagpapaliwanag ng mga konseptong mahirap nilang maintindihan. Natuklasan din ang mga salik na nakaapekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral ng wikang Filipino tulad ng talasalitaan, wastong gamit ng mga salita at pagbigkas. Ang mga salik na iyan ay lumabas na may epekto sa kanilang pag-aaral dahil nawawala ang kanilang tiwala sa sarili at sila ay nanghihiram ng mga talasalitaan sa ibang wika gaya ng wikang Ingles.

Batay sa mga natuklasan sa pag-aaral, nabuo ang mga sumusunod na kongklusyon: nakatutulong ang wikang Filipino sa pag-unawa sa paksa at sa pagpapaliwanag ng mga malalalim na konsepto ngunit naksasagabal sa kanilang pagkatuto kakulangan sa kaalaman sa talasalitaan, wastong gamit ng salita at pagbigkas. Nawawalan sila ng kompiyansa sa pakikipagkomunikasyon, pasulat man o pasalita, at ito ang nagtutulak sa kanila na magpalit –coda o magcode-switch.

Keywords — *Pagkatuto, Pangalawang Wika, Kankana-Ey, Filipino*

I. Introduksyon

Ang wika ay mahalagang kasangkapan sa pagbabahagi ng impormasyon. Sa mga paaralan, malabong maipahatid ng mga guro sa mga mag-aaral ang mga kaisipang nais nilang ipaabot sa mga mag-aaral kung walang wika. Kung gayon, kailangang gumamit ang mga guro ng wikang nauunawaan ng mga mag-aaral upang matagumpay ang prosesong pagtuturo-pagkatuto.

Ang bansang Pilipinas ay tahanan ng mahigit 100 wika at bawat isa sa mga wikang ito’y may sari-sariling dayalekto (Farland, 1994). Ayon kay San Juan (2017), ang Pilipinas ay multilinggwal at multikultural na bansa. Labindalawa ang pangunahing wikang nagagamit sa buong kapuluan: Tagalog, Sebwano, Ilocano, Hiligaynon, Bikol, Waray, Kapampangan, Pangasinense, Tausug, Chavacano, Maranaw at Maguindanaoan. Ang wika ayon kay Lumbera (2007), sa bawat sandali ng buhay natin ay nariyan ito. Palatandaan ito na buhay ang tao at may

kakayahang umugnay sa kapwa na gumagamit din nito. Wika ang ginagamit behikulo sa pakikipag-ugnayan sa mga guro, sa iba't ibang taong nakakasalamuha sa araw-araw. Wika rin ang nagiging tulay upang magkaroon ng puwang sa lipunan at mundo. May taglay na lakas at puwersa ang mga sinasalita nating wika. Para isa itong malakas na ilog ng mga dumadaloy na salita na kung gagamitin ng tama ay maaring tumimo sa damdamin, tumarak sa isipan, makakuha ng atensyon. Nagagawa ng taong magtanong, magpaliwanag at magbigay ng mga paglalarawan. Ang pagkatuto na may pang-unawa ay higit na mahalaga kaysa sa pagsasaulo ng mga impormasyon.

Ayon kay Cooper (1989), ang pagkatuto ay nangangailangan ng pag-unawa sa mga mahahalagang diwa na napapaloob sa bawat impormasyon upang ito'y magamit sa paglutas ng mga problema sa hinaharap. Hindi natatapos sa teorya ang pagsisiyasat, sapagkat ito'y patuloy na proseso ng pag-alam. Sa pagsisiyasat, lalong lumalawak ang taglay na kaalaman ng mag-aaral, at higit sa lahat, nagkakaroon ng mga mag-aaral ng kritikal na pang-unawa. Ayon sa pananaliksik ni Liwanag (2007), ang wika ay may iba't ibang barayti. Ito ay sanhi ng pagkakaiba ng uri ng lipunan, okupasyon, edad at kasarian at uri ng pangkat etnikong kinabibilangan. Kaya sanhi ito ng hindi magkakaiba ang wikang ginagamit, ngunit binubuklod ang mga mamayang Pilipino ng wikang Filipino na pambansang Wika ng Pilipinas.

Ang wikang Filipino ay siyang pambansang wika sa Pilipinas. Ito ay isa sa napakapektibong wika ng pagkatuto sa edukasyon, at ang mahusay na paggamit sa wika ay magdadala sa tao sa rurok ng tagumpay. Nararapat na bawat Pilipino ay bihasa at dapat gamitin ito sa lahat ng antas ng kaalaman at pagsikapang aralin ang tamang pagsalita at paggamit nito dahil ito ang kaluluwa ng ating bansa nararapat na ito ay ipagmalaki at payabungin. Malaki ang papel na ginagampanan ng wika sa pambansang kaunlaran partikular na sa larangan ng edukasyon. Sa wika nakasalalay ang epektibong pagkatuto ng mga mag-aaral at tagumpay na paghahatid ng mga ideya sa ibang tao. Sa pagbabago ng panahon, marami ang nagsisikap na mapaunlad at mapayaman ang wikang Filipino bilang wikang panturo o midyum sa edukasyon. Naniniwala rin ang ilan sa kakayahan ng wikang Filipino sa pagtuturo na madaling naiintindihan ng mga mag-aaral. Sa kasalukuyang pag-aaral, ninanais ng mga mananaliksik na alamin ang pananaw ng mga mag-aaral, partikular ang mga Kankana-ey, sa paggamit ng wikang Filipino bilang wikang panturo, kung ano ang mga salik na nakaapekto sa kanilang pagkatuto ng wikang Filipino at kung ano ang epekto ng mga salik na ito sa kanilang pagkatuto. Inaasahang sa pamamagitan nito ay magkaroon ng ideya ang mga guro kung paano gagamitin o ituturo ang wikang Filipino bilang pangalawang wika.

Ang Kankanaey ay isang lenggwaheng ginagamit sa Luzon, partikular sa mga probinsya ng Benguet at Mt. Province. Ang mga Applai ay mga tribung matatagpuan sa kanlurang bahagi ng probinsya ng Mt. Province. Sila rin ang orihinal na tribung pinagmulan ng lenggwaheng Kankanaey na nahati sa ibat ibang sub groups depende sa mga komunidad na gumagamit nito. Halimbawa, ang Kankanaey ng mga taga Sagada at Besao ay mas malalim kaysa sa Kankanaey ng mga taga Bauko. Ayon kina Baylas et al. (2012), ang mga Kankanaey naman ng Benguet ay nagmula sa mga taga Bauko. Sila ay nagmigrate at nanirahan sa probinsya ng Mankayan. Mula

Mankayan ay may mga nagmigrate naman sa mga probinsya ng Kibungan, Bakun at Buguias, partikular sa hilagang kanluran ng probinsya ng Benguet. Dahil sa pangangalakal ay may mga Kankanaey na napadpad sa katimogang bahagi ng Benguet. Dahil dito ay nagkaroon ng ibat ibang punto o "accent" ang lenggwaheng Kankanaey depende sa naging impluwensya ng ibat iba ring mga tribung nakasalamuha ng mga orihinal na Applai sa kanilang paglalakbay.

Mga Kaugnay na Literatura

Ang wikang Filipino ay ang pambansang wika na itinakda ng Kostituyon ng Pilipinas. Patuloy itong pinayayabong ng lahat ng mga wikang ginagamit at pinaunlad ng mamamayan. Ayon kina Castro et al. (2017) sa paniniwala ni Vivencio Jose, wikang Filipino ang dapat na gamiting midyum sa pagtuturo sapagkat mas madaling matututo ang mga mag-aaral kung ang wikang kanilang nauunawaan ang gagamitin ng guro sa pagtuturo. Sinasabi rin na wikang Filipino ang Lingua Franca ng ating bansa. Ngunit magmula nang ipatupad ang K-12 Program ng pamahalaan, tila nag-iba ang ihip ng hangin at ginawang Mother Tongue ang midyum na gagamitin sa pagtuturo. Anong nangyari't tila naisasantabi ang wikang Filipino bilang Lingua Franca at midyum sa pagtuturo? Mahalagang maunawaan ng mga mag-aaral ang mga leksyon itinuturo ng guro upang mapaunlad nila ang kakayahan nilang mag-isip. Sa pag-aaral ni Quinto (1998) sa pagbanggit ni Magastino et.al, (2018) tungkol sa paggamit ng Filipino bilang wikang panturo sa mga asignaturang pangkolehiyo, inihayag niya ang mga sumusunod na rekomendasyon batay sa kanyang isinagawang pananaliksik: 1. manindigan sa pagpapayaman at pagpapayabong ng Filipino bilang pambansang wika, ayon sa itinatadhana ng Konstituyon sa patakarang pang-wika na gagabay sa paggamit sa Filipino bilang midyum ng pagtututo at opisyan na wika sa komunikasyon; 2. puspusang isulong ang paggamit at pagpapayaman ng Filipino bilang wikang panturo. Sa ganitong tunguhin, gagamitin ang Filipino hindi lang midyum ng pagtuturo kundi wika sa pananaliksik, gawaing panlabas at opisyal na komunikasyon; at 3. tuunan ng pansin ang produksyon ng mga gamit panturo tulad ng isinasagawa sa Proyektong Aklatang Bayan (Correa 2013).

Ayon kay Ballera (2020) binanggit naman nina Aldaba et.al (1996), may ilang pananaliksik na naisagawa na masigasig na nagtataguyod sa Filipino bilang wika sa pagpapadali sa pag-aaral, lalo na sa Agham at Matematika, kailangan lang pag-ibayuhin. Mula rin sa kanyang sariling karanasan, napatunayan niyang mas nakapagpapadali ng pagkatuto ang paggamit ng Filipino sa pagtalakay.

Ayon kay Acejalado (1996), napakahalaga ng Matematika sa buhay ng tao kaya't mahalagang ikintal sa isipan ng mga mag-aaral sa murang isipan pa lang nila na hindi dapat ipagwalang bahala ang lahat nang natututuhan sa asignaturang nabanggit. Ang Matematika ang tutulong sa tamang pagkukuwenta, pagkalkula ng income tax, pagbasa ng metro ng kuryente at tubig, paglutas sa mga suliraning may kaugnayan sa pagsusukat, pagbabadyet, at iba pa. Ang mga nabanggit ang dahilan kung bakit pinatunayan ni Acejalado (1996) na ang makataong pagtuturo

ng Matematika ay dapat isaalang-alang. Ang ilang nabanggit niya tulad ng kooperasyon, paglalahad ng opinyon at pagkakaroon ng mulat at mapanuring isipan ay mga pundasyon.

II. Methodolohiya

Ang pananaliksik na ito ay gumamit desinyong basic qualitative dahil layunin lamang nitong matukoy ang pananaw ng mga mag-aaral sa paggamit ng Filipino bilang wikang panturo at mga salik sa pagkatuto ng mga mag-aaral ng wikang Filipino sa pamamagitan ng pakikipanayam. Ayon kina Caelli et al. (2003), ang generic qualitative na kilala ring basic qualitative (Meriam, 2009) ay hindi ginagabayan ng mga ebtabisadong mga pilosopikal na pala-palagay ng mga iba pang kilalang kuwalitatibong pamamaraan tulad ng penomenolohiya, grounded theory at ethnograpiya. Ang mga partisipant ay mga mag-aaral na nasa ikasampung baitang na ang unang wika ay Wikang Kankanaey.

Dalawa ang mahalagang instrumentong ginamit sa paglikom ng mga datos, ang gabay sa pakikipanayam at audio recorder. Bago isinagawa ang pananaliksik, ang mga mananaliksik ay naghanda ng mga katanungan na may kinalaman sa pananaw, salik at epekto ng mga salik na ito sa pagkatuto ng wikang Filipino sa mga mag-aaral ng Kankanaey at idinaan sa content validity. Para matiyak na makuha lahat ng mga kinakailangang datos, inirekord ang isinagawang panayam gamit ang rekorder.

Ang mga mananaliksik ay humingi ng pahintulot sa Pamunuan ng paaralan bago ito isinagawa. Hiningi rin ang pahintulot ng mga mag-aaral para sila ay kapanayamin. Isinagawa ang pakikipanayam sa mga partisipant sa bakante nilang oras kung saan wala silang ibang ginagawa.

Ang mga nakalap na datos ay idinaan sa masususing pagsusuri ito ang proseso ng transkripsiyon. Isinalin o inilipat ng mga mananaliksik ang mga pahayag ng mga mag-aaral mula sa video o audio tungo sa teksto. Ang mga pahayag ay masusing idinaan sa coding at tematesasyon.

III. Resulta at Diskusyon

Pananaw ng mga Mag-aaral na Kankanaey Sa Pagkatuto ng Wikang Filipino bilang Pangalawang Wika

Isa sa mga layunin ng kasalukuyang pag-aaral ay malaman ang mga pananaw ng mga mag-aaral na Kankanaey sa pagaktuto ng wikang Filipino bilang pangalawang Wika. Sa isinagawang pagsusuri sa mga nakalap na datos lumabas ang mga sumusunod na pananaw: angkop na gamitin bilang wikang panturo at Instrumento sa pagpapaliwanag ng mg konseptong mahirap maipaliwanag sa ibang wika.

Angkop na gamitin bilang wikang panturo.

Isa sa mga lumabas na pananaw ng mga mag-aaral hinggil sa Wikang Filipino ay ang kaangkupan nito bilang wikang panturo. Ayon sa mga kalahok na mag-aaral, nakakatulong ang wikang Filipino sa pag-unawa sa paksa o aralin.

Batay sa mga sinuring pahayag, mapapansing malaki ang naitutulong ng wikang Filipino sa pag-unawa ng paksa ng mga mag-aaral. Mas madali nilang naunawaan ang mga konseptong ipinapaliwanag ng guro kapag ang ginagamit ay wikang Filipino. Ayon kina Castro et al. (2017) sa paniniwala ni Vivencio Jose, sa kanyang pag-aaral, ang wikang Filipino ang dapat na gamiting midyum sa pagtuturo sapagkat mas madaling matututo ang mga mag-aaral kung ang wikang kanilang nauunawaan ang gagamitin ng guro sa pagtuturo. Sinasabi rin na ang wikang Filipino ang Lingua Franca ng ating bansa. Ibig sabihin sa mga asignaturang gumagamit ng wikang Filipino bilang midyum ng pagkatuto ay madaling maunawaan at madaling maintindihan ng mga mag-aaral ang mga paksa na tinatalakay ng mga guro. At maaaring sa paggamit ng Wikang Filipino na ito sa ibang mga asiganturang mahihirap gaya ng Matematika ay makapagbibigay ng malaking tulong upang hindi mahirapan ang mga mag-aaral sa pag-intindi at pag-analisa sa mga bagay na sobrang nahihirapan sila. Ayon sa pananaliksik nina Broadway at Zamora (2008), may ilang pananaliksik na naisagawa na masigasig na nagtataguyod sa Filipino bilang wika sa pagpapadali sa pag-aaral, lalo na sa Agham at Matematika, kailangan lang pag-ibayuhin. Mula rin sa kanyang sariling karanasan, napatunayan niyang mas nakapagpapadali ng pagkatuto ang paggamit ng Filipino sa pagtalakay. Kaya malaki talaga ang nagagawa ng pagpili ng wika bilang wika ng pagkatuto upang sa madaling matuto ang mga mag-aaral ito ang paraan para madaling matanggap ang mesahe. Ayon kay Acelajado (1996) ang kooperasyon, paglalahad ng opinyon at pagkakaroon ng mulat at mapanuring isipan ay mga pundasyon upang mahubog ang mga mag-aaral. Dahil wala namang masama kung magamit ito sa ibang asignatura gaya ng siyensiya at matematika dahil ang wikang Filipino ay madaling maintindihan at komportableng wika. Ang wikang Filipino ay may kakayahan na magamit ito sa ibat't ibang disiplina kagaya ng siyensiya at agham dahil kaya naman makipagsabayan sa ibang wika. Kung ang ating bibigyan ng pagkakataon na magamit ito ay madali nang maintindihan ang mga ilang mga paksa ba mahirap intindihin. Ayon kay Hornedo (1999) sa Timbreza, walang nakikitang problema sa paggamit ng wikang Filipino sa mga disiplina tulad ng siyensiya, teknolohiya at humanidades sapagkat ang wikang ito ay mapang-ampon. Ang kaampunang tinutukoy niya ay ang kakayahan ng wikang Filipino sa pagtanggap ng mga terminolohiya mula sa banyaga, sa pagiging bukas nito lagi sa pagbabago, at sa patuloy na intelektuwalisasyon. Kung pagsusumikapan ng mga gurong ituro ang ibang disiplina sa wikang Filipino, tulad halimbawa ng Pilosopiya, hindi mamamalayan ng gurong unti-unti na rin siyang namimilosopiya, ay nakapagpapahayag sa Filipino.

Instrumento sa pagpapaliwanag ng mga konseptong mahirap maipaliwanag sa ibang wika

Isang lumabas na pananaw ng mga mag-aaral hinggil sa wikang Filipino ay ang kakayahan nito bilang pantulong ito sa ibang asignatura. Ayon sa mga kalahok na mag-aaral, nakakatulong ang wikang Filipino sa pagpapaliwanag ng mga konseptong mahirap sa ibang wika.

Batay pa rin sa mga pahayag ng mga mag-aaral, mapapansing malaki ang ginagampanan ng Wikang Filipino na pantulong sa ibang asignatura na gumagamit ng ibang wika upang maintindihan ang paksang tinatalakay ng guro. Kaya sa pagtatalakay ng guro ay nararapat bigyan ng pantay na paggamit sa wikang Filipino at Ingles. Ayon kina Broadway at Zamora (2018), mahalaga ang pagbibigay ng pagkakataon sa mga mag-aaral na magamit ang wikang Ingles at Filipino sa kanilang pagkatuto. Kung pagtutuunan ng pansin ang asignaturang gumagamit ng wikang Ingles gaya ng Matematika, higit na nakatutulong sa pagunawa ng mga konsepto at pagsagot ng pasalitang suliranin ang pagpoproseso ng mga mag-aaral gamit ang pormula o solusyong natutuhan nila sa pagtalakay ng guro. Sa kanilang pagpoproseso, kailangang isaaalang-alang ang wikang komportableng gamitin upang ito ay mapagaan. Isang salik na kinahaharap ng mga mag-aaral sa asignaturang Matematika ay kung paano sila magpapahayag ng kanilang sagot dahil hindi komportable ang wika ang midyum ng pagtuturo. Sa katunayan, sanhi ng katotohanang napakahirap na asignatura ang Matematika para sa maraming mag-aaral, ayon kay Lapinid (2021), binigyang-turing ni Moschkovich (2013) na higit itong nagiging hamon lalo pa at kung dumaragdag na balakid ang mga suliraning pangwika. Kaya ang mga guro ay gumagamit ng code switching o ang paggamit ng ibang wika sa pagtalakay ng mga konsepto na mahirap intindihin sa wikang ginagamit. Halimbawa, ang asignaturang Matematika, ang midyum na pagtuturo dito ay wikang ingles ngunit sa ganang mahirap intindihin ang paksa. Kinakailangan ng guro na magcode switching. Ito ay paggamit ng wikang Filipino upang ipaliwanag ang konseptong hindi maipaliwanag sa wikang Ingles. Ang code switching ay madalas na gamitin sa paaralan dahil hindi ganun kadali para sa mga kabataan o mag-aaral ngayon ang paggamit ng wikang Ingles.

Ayon kay Wel (2000), sa pagbanggit nina Revelo et al. (2019), ang pagpapalit koda o code switching ay siyang karaniwang phenomenon sa mga bilinggwal at ito'y nagpapakita sa iba't ibang anyo. Ang code switching na ito ay isang instrumento upang magkaroon ng maayos at pagkakaintindihan sa talakayan, dahil may mga mag-aaral na mahirap talagang maintindihan kung sa Ingles lamang ang midyum ng pagtuturo.

Salik na Nakaaapekto sa Pagkatuto ng mga Mag-aaral na Kankanaey sa Wikang Filipino

Talasalitaan

Isa sa mga lumabas na salik na nakakaapekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral na Kankanaey sa wikang Filipino ay pagkakalito at kahirapan sa bokabularyo o talasalitaan ng wikang Filipino. Ayon sa mga kalahok nahihirapan sila sa mga malalalim na salita, at mga terminolohiya.

Batay sa mga sinuring pahayag, mapapansing ang talasalitaan ang isang dahilan kung bakit nahihirapan ang mga mag-aaral ng Kankanaey sa pagkatuto ng wikang Filipino. Ito ay dahil sa mga malalim na salita, at limitado ang kaalaman sa bokabularyo. Ito ay nangangahulugang ang kakulangan sa talasalitaan ng mga mag-aaral na Kankanaey ay may malaking epekto sa kanilang pagkatuto sa wikang Filipino bilang pangalawang wika. Isa sa pinakamahirap na hamon na hinaharap ng mga guro sa wika ay ang kakulangan ng mga mag-aaral ng kasanayan sa bukabularyo sa wikang Filipino na siyang may malaking impluwensiya sa pagbabasa nang may pag-unawa ng mga mag-aaral. Kadalasan nagiging mahina sila na makaintindi dahil sa kalituan ng paggamit ng mga bokabularyo. Sa pag-aaral ni Granowsky (2002), sa pagbanggit ni San Juan (2017), kinumpirma ng maraming mananaliksik ang kahalagahan ng bokabularyo at pagkatuto ng wika upang maintindihan ng isang bata ang kanyang binabasa. Sa pagkakaroon din ng limitadong bokabularyo, hindi nakapagpapahayag ang bata ng kaniyang saloobin at nahihirapan siyang makipag-ugnayan sa iba. Kaya napakahalaga talaga na magkaroon ng malawak ng kaalaman ang mga mag-aaral na Kankanaey sa wikang Filipino dahil pinapadali nito ang pagkatuto ng wikang ito. Kung may malalim kang kaalaman sa bokabularyo ay hindi ka mahihirapan sa mga malalalim na salita. Pinatotohanan din nina Sider at Rahim (2015), na mahalaga ang sapat na kaalaman sa bokabularyo upang maintindihang mabuti ang binabasa. Balakid sa pag-unawa kung kulang ang kaalaman sa bokabularyo, kaalaman sa sintaktika at ang pag-unawa sa pagbabasa. Ayon kay Alejo (2005), ang pagkakaroon ng malawak na talasalitaan ay nakakatulong sa mga bata na maging matagumpay sa loob at labas ng paaralan. Malaki talaga ang ginagampanan ng talasalitaan ng Wikang Filipino upang mapadali ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa wika kaya nararapat na ang mga guro ay magkaroon ng mga estratehiya kung paano matugunan ang mga salik na ito. Ayon kay Badayos (2008), ang mga batang may limitadong kaalaman sa mga estratehiya at pamamaraan sa pag-alam sa kahulugan ng mga salita. Sila'y nakararanas ng kahirapan sa pag-unawa sa pagsusulit, pasulat man o pasalita. Ayon kay Killen (2006), sa pagbanggit ni Capinlac (2018), ang epektibong guro ay may mabuting estratehiya sa pamamahala, may malinaw at sistematikong metodo sa pagtuturo, nagbibigay ng mga nag-uugnay na gawain ng pangklasrum, may kakayahang magpahayag ng kaisipan sa malikhaing paraan para pakikipagtalakayan, dinidiin ang pagbibigay ng direksyon, binibigyang tuon ang mahihinang mag-aaral para sa pag-unlad at napapangkat niya ang mag-aaral at maliliit na may pagsasaalang-alang sa estilo ng pagkatuto at kakayahan nila. Ang estratehiya sa pagtuturo ay mahalagang salik sa pagkakaroon ng magadang daloy ng talakayan sa silid-aralan. Samakatwid, kailangan ang kabatiran ng mga guro sa mga estratehiyang kanilang gagamitin sa pagtuturo at pagkatuto (Joyce at Harootunian, 2007). Mas maging epektibo ang isang guro kung lilinangin niya ang kaniyang pagkamalikhain sa pagtuturo, paghahanda at pagsasagawa ng mga araling ituturo na angkop sa antas, interes, karanasan at pangangailangan ng mga mag-aaral (Ramos, 2008).

Wastong gamit ng salita

Isa sa mga lumabas na salik na nakakaapekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral na Kankanaey sa wikang Filipino ay wastong gamit ng salita. Ayon sa mga kalahok nalilito sila kung ano ang dapat na gamitin na salita o letra.

Batay sa lumabas na kasagutan ng mga partisipant, ang kahirapan sa wastong paggamit ng mga salita ang isa sa nagiging hadlang sa pagkatuto ng wikang Filipino. Kung mapapansin, nahihirapan sila kung ano ba ang dapat na gamitin na salita kung ano ang pagkakaiba gaya ang salitang nang sa ng, may sa mayroon at din sa rin, kung kailan, at pinagpapalit ang letrang e sa i at o sa u at paano ito dapat gamitin sa pangungusap o sa pagkatha ng mga sanaysay, tula at takdang aralin. Ayon kay Araneta (2017) sa pag-aaral na isinagawa ni John (2020), naitala ang mga karaniwang pagkakamali sa wastong gamit ng mga salita: nilabag ng mga mag-aaral ng ika-7 baitang ang tuntunin sa wastong gamit ng mga salita tulad ng: ang /nang/ ay ginagamit bilang pang-ugnay sa pandiwa at sa pang-abay na pamaraan, ginagamit ito sa bilang pangatnig sa hugnayang pangungusap, ginagamit ito sa pag-uulit ng mga salita, at nagbuhat sa /na/ na inangkupan ng /-ng/ at ginagamit din bilang pang-abay na pamanahon. Natuklasan din sa pag-aaral ang mga paglabag sa tuntunin sa wastong gamit ng salitang /may/ at /mayroon/; ginagamit ang /may/ kapag ang sumusunod na salita ay pangngalan, pang-uri, pandiwa at pang-abay. Ginagamit din sa kapag sinusundan ng pantukoy na /mga/ at pang-ukol na /sa/. Natuklasan na kapwa ang mga guro at mag-aaral ay may mga hamon sa pagkatuto ng wikang Filipino at ito ay ang mga sumusunod: morpolohiya, sintaksis, kaukulan, aspekto, pokus at panagano ng pandiwa, at ang paggamit ng pang-angkop.

Ayon kay Sullera (2015) sa kaniyang pananaliksik ang mga kamalian sa pasalita at pasulat na teksto ng mga mag-aaral sa unang taon na Ibanag ang unang wika. Sa pasulat na wika naman, may mga maling ispelang sa mga diptonggo, hindi pagsulat sa malaking titik, paggamit ng gitling, at pagpapalit ng mga letrang i at e; at o at u. Sa level naman ng grammar, may kamalian sa pagbuo ng mga pandiwa, paggamit ng panghalip paaari at mga paningit. Ang mga kamalian ay resulta ng interference o paglilipat ng mga fityur ng wikang Ibanag sa wikang Filipino ng mga mag-aaral.

Pagbigkas

Sa isinagawang pag-aaral isang lumalabas na salik na nakakaapekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral ng Kankanaey sa Wikang Filipino ay ang pagbigkas. Ayon sa mga kalahok na mag-aaral, pinapabagal ng pagbigkas ang pagkatuto ng wikang Filipino.

Batay sa mga sinuring pahayag, mapapansing malaki ang epekto talaga ng pagbigkas sa pagkatuto ng wikang Filipino dahil mahirap bigkasin ang mga salita ng Wikang Filipino dahil nadadala ang katangian ng unang wika partikular na sa tono/ intonasyon ng unang wika ng mga mag-aaral ng Kankanaey. Malaki ang nagiging epekto ng unang wika sa pagkatuto at pagsasalita ng ikalawang wika lalong-lalo na kung magkaiba ang Palatunugan o Ponolohiya ng dalawang wika. Ayon kina Broadway at Zamora (2008), makapangyarihan ang impluwensiya ng ponetika at

ponolohiya sa pagbigkas ng pangalawang wika. Sa pahayag na ito binigyang-diin niyang malaki ang epekto ng ponolohiya o palatunugan ng unang wika sa pagsasalita at pagbigkas ng mga salita sa ikalawang wika. Ang mga konsepto ng unang wika ay naisatitik na sa pag-iisip ng isang tao kung kaya't ang kaalaman nila sa ikalawang wika ay palaging naiuugnay sa konsepto ng unang wikang kanyang kinalakihan. Ayon sa Contrastive Analysis Hypothesis (CAH) na nagsasabing ang mga aspeto at katangian na mayroon sa unang wika at ikalawang wika ay mas madaling mapag-aralan kumpara sa mga aspetong hindi nila pinagkatularan. Malaki ang epekto ng pamamaraan ng pagbuo ng mga tunog ng isang wika upang maging makahulugang yunit sapagkat ang bawat wika'y may kanya-kanyang estilo sa pag-proseso ng mga tunog upang maging salita. Dito kalimitan nagmumula ang kamalian sa intonasyon, pagbigkas at diin. Ang kondisyong ito ay tinawag na interference ng mga linguist. Ayon kina Constantino, et al. (2012), ang "interlanguage" ay magkahiwalay na sistemang pangwika na pinatunayan na ang mga may-aral ng pangalawang wika ay kusang naglabas ng kahulugan gamit ang isang wika na nasa proseso sila ng pag-aaral. Ang sistemang pangwika ng interlanguage ay sumasaklaw hindi lamang sa ponolohiya, morpolohiya, at syntax, kundi pati na rin ng lexis, pragmatics, at diskurso.

Isa din kinakaharap ng mga mag-aaral na Kankanaey ay kadalasan napagpapalit ng mga mag-aaral ang tunog ng o at u. Ang wikang Kankanaey ay may patinig na a, i, e, o, u na magkapareho sa patinig ng Wikang Filipino ang pagkakaiba lang nila ay mangilanngilan lamang ang mga salita na gumagamit ng tunog na o sa Wikang Kankanaey at kadalasan mas maraming tunog na schwa sounds kaysa sa tunog na /e/ at /o/

Mga Epekto ng mga Salik na Nakaapekto sa Pagkatuto ng Filipino Sa Pagkatuto Ng Mga Mag-aaral

Isa sa mga layunin ng kasalukuyang pag-aaral ay malaman ang mga epekto ng salik ng nakakaapekto sa mag-aaral ng Kankanaey sa Pagkatuto ng Wikang Filipino. Sa isinagawang pagsusuri sa mga nakalap na datos lumabas ang mga sumusunod na epekto ng mga salik na ito: nawawala ang tiwala sa sarili sa pakikipagkomunikasyon at paghihiram ng ilang talasalitaan ng ibang wika.

Nawawala ang tiwala sa sarili sa pakikipagkomunikasyon.

Isa sa mga salik na naranasan ng mga Kankanaey na mag-aaral sa epekto ng wikang Filipino bilang pangalawang wika na batay sa isinagawang pag-aaral ay nawawala ang tiwala sa sarili sa pakikipagkomunikasyon. Ayon sa mga mag-aaral nawawala ang kanilang kumpiyansa sa pagsusulat at pagsasalita gamit ang wikang Filipino. Malaki ang epekto ng mga salik na nakakaapekto na ito sa pagkatuto sa wikang Filipino sa mga mag-aaral na Kankanaey bilang pangalawang wika. Sa pakikipagkomunikasyong gamit ang pagsulat na kaparaanan, malaki ang naging epekto ng mga salik na ito dahil sa pagkakalito kung ano ang dapat gamitin na angkop na salita.

Ayon kay Sullera (2015), ang pagsulat ay isang comprehensive na kakayahang naglalaman ng wastong gamit, talasalitaan, pagbubuo ng kaisipan, retorika at iba pang elemento. Sa pakikipagkomunikasyong pasulat naman ay naapektuhan din dahil nalilito sila kung ano ang tamang baybay ng mga salita. Sa depinasyon nina Xing at Jin ay makikita na ang kahinaan ng mga mag-aaral pagdating sa talasalitaan kung saan dito nalilito ang mga mag-aaral sa pasulat na pakikipagkomunikasyon. Sa antas ng pakikipag-usap naman ay nahihiya ang mga mag-aaral na magsalita at ibahagi ang kanilang hinuha sa paksa dahil nahihiya silang magkamali dahil sa mga nakaklitong salita o terminolohiya, nahihirapan silang ipahawitig ang nais nilang sabihin. Kalimitang ginagamit lamang ang wikang Filipino sa silid-aralan kung saan Filipino ang itinuturo at kung nakapagsalita man nahihirapan ng mga kahulugan sa termino. Kapag ganito ang sitwasyon mahihinuha na maaapektuhan din ang kanilang pagpapahalaga sa assignatura pati na ang kanilang performance. Ang tanging kailangan lamang ay pagsikapan ng mga gurong nagtuturo na maikintal at maituro nila nang maayos sa bawat estudyante ang kaepektibo ng paggamit ng wika sa pagpapalawak ng kanilang kaalaman sa isang makahulugang pagkatuto.

Panghihiram

Sa isinagawang pag-aaral isang lumabas na epekto ng salik na nakakaapekto sa pagkatututo ng wikang Filipino ay nagdudulot ito ng paghihiram ng mga salita sa ibang wika. Dahil sa kakapusan sa talasalitaan at kakulangan ng kaalaman sa wastong gamit ng salita at pagbigkas mapapansin isang epekto nito sa mga mag-aaral ay ang paghihiram ng mga salita sa wikang Ingles sa mga nakakalitong salita sa wikang Filipino. Kadalasan sa mga gawing pampaaralan ay ang pagsulat ng sanaysay. Dahil sa kalituhan sa mga bokabularyo ay ginagamitan ng wikang Ingles ay kanilang pasulat na gawain kapag hindi nila alam kung anong dapat gamitin na salita sa wikang Filipino.

Ayon kay Laranjo (2016) sa interlanguage at mga variability nito na mga salik linggwistikal, saykolinggwistikal, sosyolinggwistikal at pandamdamin o affective, natuklasan niya na gumamit ng mga estratehiyang panghihiram, paraphrasing, at transfer sa leksikal na level sa pasulat at pasalitang anyo ng Filipino ang mga guro (taal at di-taal na tagapagsalita ng Tagalog) sa kolehiyo sa Baguio. Ang mga pagkakamaling ito ay bunga ng limitadong kaalaman sa bokabularyo sa wikang Filipino kaya humiram ang mga mag-aaral ng mga salita mula sa ibang wika gaya ng Ingles. Ganito rin ang kaso ng mga mag-aaral na Ilokano (Mayos, 1988), Ibanag (Catabui, 1969) at Koreano (Laranjo, 2015). Ito ay itinuturing ding isang natural na penomenon sa bilinggual na kaligiran ng Pilipinas. Sa mga bilinggual na Filipino, kapansin-pansin din ang paghahalo ng mga fityur ng wikang Ingles at Tagalog na tinatawag na Taglish tulad ng sa pag-aaral Lanzo na binanggit nina Tanco at Nolasco (2002). Maoobserbahan din ito sa mga heritage learner na Ingles ang unang wika. Kung susuriin, pinaghalo ng mga mag-aaral na may lahing Filipino ang panlaping Filipino na mag- at Ingles na pangngalan o pandiwang katumbas tulad ng nagda-drive, nag-travel, magperform, at magswimming. Sinusuportahan at tumutugma ang mga datos na ito sa pag-aaral ni Laranjo (2016) kung saan naobserbahan nilang mag-aaral ang

pinakagamiting panlapi kasama ng mga Ingles na salita upang makabuo ng pandiwa. Ginagamit ang konstruksiyong mag- para sa gamit pangintransitibo (intransitive) (Tangco at Nolasco, 2002).

IV. Konklusyon

Ang Wikang Filipino ay isang mabisang kasangkapan sa pagpapaliwanag ng mga malalalim na konsepto at nakakatulong sa mabilisang pag-unawa sa isang paksa ngunit nakakaapekto ang kaalaman ng mga mag-aaral sa talasalitaan, wastong gamit ng mga salita at wastong pagbigkas sa kanilang pagkatuto sa Filipino bilang pangalawang wika. Ito ay nagdudulot ng kawalan ng kompiyansa sa pakikipagkomunikasyon , pasulat man o pasalita, at ng pagpapalit-koda.

TALASANGGUNIAN

- [1] Acelajado, M. (1996). Makataong Matematika: Malay Tomo XIII. Manila, Philippines: De La Salle University Press, Inc.
- [2] Aldaba, J., & Acelajado, M. (1996). Malay: Dyornal ng humanidades at agham panlipunan. Tomo XIII. Manila, Philippines: De La Salle University Press.
- [3] Alejo, C.T. (2005). Pagbasa at Pagsulat Tungo sa Pananaliksik. Quezon, City: C & EPublishing, Inc.
- [4] Arguelles, M. (2020). Mga Estratehiya sa Paglinang ng Komprehensyon na Angkop sa mga Kasaysayang Pampagkatuto sa Pagtuturo ng Florante at Laura. Di-Nailathalang Masters Tesis. Benguet State University.
- [5] Arrongante, J. (2007). Sining ng Kommunikasyon sa Akademikong Filipino. Retrieved on September 10, 2017. Retrieved from https://books.google.com.ph/books/about/Sining_ng_komunikasyonsa_akademikong_Fi.html?id=Q8MqygAACAAJ&redir_esc=y
- [6] Badayos, P. (1999). Metodolohiya sa Pagtuturo ng Wika: Mga Teorya Simulain at Estratehiya. Makati City: Grandwater Publication and Research Corporation.
- [7] Badayos, P. (2008). Metodolohiya sa Pagtuturo at Pagkatuto ng/sa Wika: Mga Teorya sa Simulain at Estratehiya. Malabon City: Mutya Publishing House INC.
- [8] Baldon, J., C.J. Carolino, J. A Clitar, N.P. Felix, R.F. Gomez, A.P. Leonardo, L.A M. Infermo, B. G. Ramos at M. M. Vista Jr. (2014). Wikang sa Makabagong Panahon. ICCT Colleges Foundation, V.V. Soliven Avenue Ii, Cainta, Rizal.
- [9] Ballera, J.H. (2020). Ang Filipino bilang Wika sa Matematika. Hinango sa www.pssp.org.ph Hinango noong Mayo 14.
- [10] Baylas, N., T. Rapanut, , & De Las Penas, M. (2012). Weaving Symmetry of the Philippines Northern Kankanaey. Bridges: Mathematics, Music, Art, Architecture and Culture. Pp. 267-274
- [11] Broadway, M. S. D. at N. A C. L Zamora. (2008). Ang Filipino bilang wika sa Matematika isang palarawang pagsusuri sa kaso ng isang praibadong paaralan. Philippine Normal University. The Normal Lights.
- [12] Caelli, K., L. Ray, at J. Mill. (2003). "Clear as mud": Toward greater

- clarity in generic qualitative research. *International Journal of Qualitative Methods*, 2(2), 1–24.
- [13] Capinlac, J. L. (2018). Mga Hamon at Estratehiya sa Pagkatuto ng Obra Maestra Noli Me Tangere Tungo sa Pagbuo ng Kagamitang Pampagtuturo. Di-Nailathalang Masteral Tesis. Benguet State University, La Trinidad, Benguet.
- [14] Castro, V.L., W. Arellano, A.J. Camilet, A. Dela Cruz (2017). Kabisaan ng Paggamit ng Wikang Filipino bilang Midyum sa Pagtuturo ng Asignaturang Matematika sa PUP-SHS.
- [15] Catabui, S. (1969). Problems in Learning Filipino among the First Year High school students of the Cagayan Valley Institute of Technology. MA Tesis, College of Education University of the Philippines-Diliman.
- [16] Catanes, D. L. (2017). Pag-aaral sa dayalekto ng tribung kankanaey sa Cordillera. Education
- [17] Cooper, R. L. (1989). *Language planning and social change*. Cambridge University Press.
- [18] Constantino, P., J. Peregrino, N. Ocampo, at J. Petras, (mga editor). (2012). *Salindaw: Varayti at Baryasyon ng Filipino*. Lungsod Quezon: UP Sentro ng Wikang Filipino.
- [19] Correa, R.B. (2013). Ang pagsasa-Filipino ng panoorin sa daigdig ng telebisyon, pagdadadub ng anime, at paglaganap ng wikang Filipino sa bawat sulok ng mundo: mga patunay na ‘moog’ ng pagka-Pilipino. *Malay*. Tomo xxv BLG.2
- [20] Daoh, N. (2018). An Analysis on Code Switching in the Lyrics of Birds ThongchaiMcintyre’ Songs.
- [21] Denzin, N., & Y. Lincoln. (1994). *Handbook of Qualitative Research*. Thousand Oaks, CA, US: Sage Publication Inc.
- [22] Gumperz, J. JJ (1972). *Directions in Sociolinguistics*. New York: Holt Rinehart and Winston.
- [23] Ibay, R.M. (2020). Kakayahan ng mga guro sa Filipino: Susi sa pagpapayaman ng kaalaman sa gramatika ng mga mag-aaral
- [24] Joyce, B. at H. Harootunian. (2007). Adding Value to the Public Schools: Investigating Teacher Education, Teaching and Pupil Learning. *Httpjournals*. Sagepub. Com/doi/abs/10.117.edu. Noong Mayo 26, 2021
- [25] Labrador, R. (1997). Subordination and Resistance: Ethnicity in the Highland Communities of the Cordillera Administrative Region, Northern Luzon, Philippines. *Explorations in Southeast Asian Studies*. 1(1)
- [26] Laranjo, R. O. (2016). Panimulang Pagsipat sa Panggitnang Wika o Interlanguage ng mga Mag-aaral ng Wikang Filipino na mgay Lahing Filipino o Heritage Learners. Unibersidad ng Pilipinas Diliman.
- [27] Lapinid, C. (2021). Pagbabalik-tanaw sa Estado ng Filipino sa Klase ng Matematika sa mga Paaralan sa Bansa.
- [28] Lee, L. (2016). Epektibong Guro sa Pananaw ng mga Mag-aaral na Naunang Kursong Edukasyon. Baliuag University
- [29] Leng, J. (2017). Ang Pagtamo at Pagkatuto sa Wika. Modyul sa Filipino 4
- [30] *Introduksyon sa Pag-aaral ng Wika*.
- [31] Liwanag, L.B. (2007). Ang Pag-aaral ng Varayti at Varyasyon ng Wika: Hanguang Balon sa Pagtuturo at Pananaliksik. Makisig, J. 2019. 5th International Conference on Philippines and Asian Studies Language, Culture, ad Media.
- [32] LUMBERA, (2007). Ang Wika ay Kasangkapan ng Maykapangyarihan: Ang Wika Bilang Instrumentong Politikal nasa <http://avhrc-kultura.blogspot.com>.

- [33] Mabanglo, R E. S. (1997). "Pagpapahusay ng Filipino sa mga Filipino/Di-Filipino sa Labas ng Filipinas." Daluyan: Journal ng SWF sa Talakayang Pangwika, tomo VIII, Bilang 1-2, 35-48.
- [34] Magastino, J., I. Valdez, M. Credo (2018). Paggamit ng Wikang Filipino Bilang Wikang Panturo sa mga Piling Asignatura sa Unang Taon ng Batsilyer ng Sekundaryang Edukasyon sa Quirino State University, Maddelacampus, S.Y. 2017 -2018
- [35] Merriam, S. B. (2009). Qualitative research: A guide to design and implementation. San Francisco, CA: Jossey-Bass.
- [36] Moschkovich, J. (2013). Academic language in diverse classrooms: Mathematics, promoting content and language learning. California, USA: Corwin Press, Thousand Oaks.
- [37] Ramos, E. (2008). Tradisyunal na Pamamaraan at Instruksyong Modyular: Isaang Komparatibong Pagsususri. Unpublished Master's Thesis, Saint Louis University, Baguio City.
- [38] Revelo, B. M., L.C. All Shane, O. Catherine, B. Weylart, N. Daryl. (2019). Ang Epekto ng Paggamit ng Code Switching sa mga Piling Mag-aarala ng BukSu sssl. Bukidnon.BukSu
- [39] Sidek H.M and H.AB. Rahim. (2015). The Role of Vocabulary Knowledge in Reading Comprehension. A Cross Linguistic Study.
- [40] San Juan, D. M. (2017). Alyansa ng mga Tagapagtanggol ng Wikang Filipino/TANGGOL WIKA: International na Kwento, Mga Susing Argumento at Dokumento.
- [41] Sullera, Jr. F. (2015). Lawak ng Pagpapahalaga ng mga Estudyante sa Asignaturang Filipino Kaugnay ng Kanilang Akademik Performans.
- [42] Taeza, J. (2012). Mga Suliraning Kinkaharap ng mga Kalinga sa pagsasalita ng Wikang Filipino.
- [43] Tangco, R. D. at R. M. Nolasco (2002). "Taglish" Verbs: How English Loanwords Make It into the Philippines Languages. In M. Macken (Ed.), Paper from the Tenth Annual Meeting of the Southeast Asian Linguistics Society, 391-406. Arizona State University, Program for Southeast Asian Studies.